Mga Gamot na Kontra sa HIka

Paunang Salita

Ang hika ay sakit na hindi gumagaling kung saan ay namamaga ang daanan ng hangin (hal. Ang maliit na tubo, na tawag ay bronchi) na nagdadala ng hangin papasok at palabas ng baga. Sa mga pasyenteng may hika, ang bronchi ay mamamaga at nagiging maselan kaysa karaniwan at gumagawa ng mas maraming plema. Ito ay nakapagdudulot ng hirap sa paghinga dahil sa baligtad na balakid sa daluyan ng hangin, o ang bronchospasm, at nakapagdudulot ng pag ubo, paghingal at pangangapos sa paghinga.

Ang sanhi ng hika ay hindi pa naiintindihan, subalit ito ay maaaring dahil sa kombinasyon ng mga sumusunod na kadahilanan:

Kapaligiran: allergens (hal. Mga alikabok sa bahay, balahibo ng hayop at pollen), mga irritants galing sa kapaligiran, usok ng tabako, impeksyon (viral) sa respiratory system, malakas na pagpapahiwatig ng emosyon at gamot (hal. Aspirin at beta blockers).

Genetic (Namamana): kadalasang nakikita sa mga bata. Ang tsansa ng pagkakaroon ng hika ay tumataas kung ang miyembro ng pamilya ng pasyente o kamag anak ay mayroong hika at iba pang allergic na kundisyon tulad ng atopic dermatitis at hay fever.

Lunas

Mayroong ilang lunas na maaaring makatulong upang epektibong makontrol o mapaginhawa ang kondisyon ng hika. Ang lunas ay base sa dalawang importanteng layunin tulad ng (i) tukoy na rehimen ng lunas para sa matinding atake sa pamamagitan ng pagbubukas ng namamagang daanan ng hangin na naglilimita sa paghinga, at (ii) prophylactic na mga hakbang upang mabawasan ang pamamaga at paglaban sa daanan ng hangin at mapanatili ang daloy ng hangin. Ang paglunas at pag iwas ay nangangailangan ng kombinasyon ng gamot, payo sa paraan ng pamumuhay, at pagtukoy at pag iwas sa mga posibleng kadahilanan ng pagkakaroon ng hika.

Kasama sa mga gamot na nagpapahiwatig na lunas sa hika ay ang mga klase ng $beta_2$,

agonists, antimuscarinics, corticosteroids, leukotriene inhibitors at xanthines. Sila ay makukuha sa porma ng nilalanghap, tableta, kapsula at injection, atbp, at ang kanilang gamit ay depende sa medikal na kondisyon at superbisyon.

Kabilang sa mga preparasyon para sa mga nilalanghap na gamut ay ang solusyon para sa nebulisation, metered dose inhalers, at pulbos na inhalers. Ang gamot sa hika ay kadalasang ibinibigay sa pamamagitan ng inhalers, na mga aparato na nagbibigay ng gamot direkta sa daanan ng hangin sa pamamagitan ng bibig kapag nilanghap ito. Ang paggamit ng inhaler ang pinaka karaniwan at epektibong paraan ng pag inom ng gamot laban sa hika dahil ito ay napupunta direkta sa inyong daanan ng hangin. Subalit ang ibang inhalers ay gumagana sa iba't ibang paraan. Ang ibang inhalers ay nagbibigay ng aerosol jet kapag pinipindot kung saan kailangan ng gumagamit na langhapin kasabay kung saan ang aerosol ay lumalabas. Mas gumagana ang mga inhalers kung ginagamitan ito ng spacer, na isang plastic na lalagyan na mayroong mouthpiece sa isang dulo at butas upang makonekta sa inhaler. Kapag actuated, ang aerosol mula sa inhaler ay mananatili sa loob ng spacer, ang gumagamit ay makakahinga ng normal kahit hindi isabay ang paglanghap ng sa pagpindot ng inhaler.

Karamihan sa mga gamot laban sa hika ay inirereseta lamang at kinakailangang gamitin sa ilalim ng mahigpit na patnubay at rekomendasyon ng isang doktor. Ang iba pa, tulad ng inhalers na naglalaman ng beta$_2$ agonists o corticosteroid, ay maaaring mabili mula sa botika sa ilalim ng superbisyon ng isang rehistradong parmasyutiko.

Mga Gamot Kontra sa Hika

Ang mga gamot sa paglunas sa hika ay nahahati sa dalawang kategorya: (1) mabilisang-kaginhawahan na gamot (ito ay ginagamit upang mapaginhawa ang malubhang hika) at (2) gamot sa pang matagalang pag kontrol sa hika na may (ginagamit bilang prophylactic measures) ang mga detalye sa ibaba:-

1. Gamot na mabilisang makapagpapaginhawa: sila ay ginagamit kung kinakailangan ng mabilisan, panandaliang pagpapaginhawa ng sintomas sa panahon ng pag atake ng hika. Ang mga uri ng gamot para sa mabilisang pagpapaginhawa ay :

    a. Short-acting beta$_2$ agonists: mga nilalanghap, mabilisang pampaginhawang bronchodilators na kumikilos sa loob ng ilang minuto

lamang upang mabilis na mapaginhawa ang sintomas habang inaatake ng hika. Ang short-acting beta$_2$ agonists ay maaaring gamitin ng may nebulizer o portable, na hand-held inhaler. Halimbawa ay ang salbutamol at terbutaline.

b. Antimuscarinics: mga nilalanghap na antimuscarinics na kaagad na kumikilos upang mabilis na mapahinga ang daanan ng hangin, tulad ng ibang bronchodilators, na nagpapadali ng paghinga. Halimbawa ay ang ipratropium at tiotropium.

c. Systemic corticosteroids: Ang systemic corticosteroids (i.e. iniinom at dumadaan sa mga ugat) ay nagpapaginhawa ng namamagang daanan ng hangin dahil sa matinding hika. Subalit, dahil sa matinding epekto sa paggamit ng matagalan, ang sistematikong daanan ay ginagamit lamang ng panandalian upang lunasan ang matinding sintomas ng hika. Halimbawa ay ang prednisone at methylprednisone.

d. Intravenous xanthines: Ang mga xanthines ay pinapahinga ng maayos ang mga kalamnan at upang mapaginhawa ang bronchial spasm na nagpapahiwatig ng matinding pag atake ng hika. Halimbawa ay ang aminophylline.

2. Pangmatagalang gamot sa pagkontrol sa hika: nagtatrabaho sila upang mabawasan ang bilang ng pamamaga sa daanan ng hangin at upang maiwasan ang pag atake ng hika.

a. Nilalanghap na corticosteroid: sila ang pinaka epektibong pag-iwas, subalit, kinakailangang gamitin ang gamot ng mga ilang araw o linggo bago makuha ang buong benepisyo. Halimbawa ay ang fluticasone at budesonide.

b. Nilalanghap na long-acting beta$_2$-agonists (beta$_2$-adrenergic agonists): ang mga panglunas na ito ay binubuksan ang mga daanan ng hangin. Pinapakita sa ibang pananaliksik na maaari silang makapag pataas ng peligro ng matinding atake ng hika, maliban kung gagamitin na may kombinasyon ng nilalanghap na corticosteroid. Halimbawa ay ang mga salmeterol at formoterol.

c. leukotriene inhibitors: kumikilos sila laban sa isang dahilan ng pamamaga sa hika at nagbibigay proteksyon laban sa bronchoconstriction kapag ginamit bago mag ehersisyo o malantad sa allergen o sa malamig na hangin. Kasama sa mga halimbawa ng leukotriene inhibitors ay ang montelukast.

d. xanthines: maliban sa pamamahinga ng bronchial muscle at pagpapaginhawa ng bronchial spasm, maaaring mapasigla ang epekto sa paghinga at magkaroon ng epekto kontra sa pamamaga. Halimbawa ay ang theophylline.

Karaniwang epekto at Pag iingat

Uri ng mga gamot kontra sa hika	Karaniwang Epekto	Pag iingat
1. Beta$_2$-agonists	♦ Mahinang panginginig (kadalasan sa mga kamay) ♦ Pag igting ng nerbiyos ♦ Sakit ng ulo ♦ Pamumulikat ♦ Mabilis na pintig ng puso	♦ Kinakailangang gamitin ng may pag iingat sa mga pasyenteng may hyperthyroidism, sakit sa puso, arrhythmias, madaling kapitan ng QT-interval prolongation, at mataas na presyon ng dugo. ♦ Kinakailangang gamitin ng may pag iingat sa mga pasyenteng may diabetes, ang pag babantay sa asukal sa dugo ay maaaring imungkahi dahilan sa peligro ng ketoacidosis, lalo kung ang beta$_2$ agonists ay binigay sa pamamagitan ng swero.
2. Antimuscarinics	♦ Panunuyo ng bibig ♦ Gastro-intestinal motility disorder (kasama ang	♦ Kailangang gamitin ng may pag iingat sa mga pasyenteng may

	paninigas ng dumi at pagtatae) ♦ Ubo ♦ Sakit ng ulo	prostatic hyperplasia, may sagabal sa paglabas ng ihi, at sa mga madaling kapitan ng angle-closure glaucoma
3. Corticosteroids		
a. Systemic corticosteroids	♦ Marupok na buto ♦ Mataas na presyon ng dugo ♦ Diabetes ♦ Pagtaas ng timbang ♦ Cataracts at glaucoma ♦ Pagnipis ng balat ♦ Madaling magkapasa ♦ Paghina ng mga kalamnan	♦ Paunang tulin ng paglaki ay maaaring mabawasan sa mga bata kung malulunasan ng systemic corticosteroid ♦ May potensyal para sa paradoxical bronchospasm
b. Nilalanghap na corticosteroids	♦ Fungal infection ng mga bibig at lalamunan ♦ Maaaring magkaroon ng paos na boses	♦ Bantayan ang taas at timbang ng mga bata taon-taon ♦ Pagsasama ng may adrenal crisis at coma sa mga bata, kayat iwasan ang sobrang dosis
4. Leukotriene inhibitors	♦ Sakit sa tiyan ♦ Pagka uhaw ♦ Sakit sa ulo ♦ Hyperkinesia (sa mga batang edad)	♦ Hindi dapat gamitin panglunas sa malubhang atake ng hika ♦ May pag iingat sa mga nagbubuntis at nagpapasuso ♦ Neuropsychiatric na epekto ay maaaring lumitaw sa mga ilang

		kaso para sa montelukast
5. Xanthines	♦ Pagduduwal at pagsusuka ♦ Pagkairita ng tyan ♦ Pagtatae ♦ Pagbilis ng pintig ng puso ♦ Tachycardia ♦ Arrhythmias ♦ Sakit ng ulo ♦ Hindi pagkatulog	♦ Kinakailangang gamitin ng may pag iingat sa mga pasyenteng may problema sa puso, hindi paggana ng atay, at viral na impeksyon ♦ Kinakailangan din gamitin ng may pag iingat sa mga matatanda, naninigarilyo, at umiinom ng alak ♦ Dapat iwasan ang pag gamit ng magkasabay sa intravenous at iba pang paraan ng pagbibigay ng xanthines

Pangkalahatang Payo sa Pag inom ng Gamot Kontra sa Hika

- Sundin ang payo ng doktor, at pag aralan ang tamang paggamit ng inhalers, Huwag tumigil o baguhin ang rehimen sa sarili, maliban kung mayroong plano para sa pagmamantini sa sarili na sinang ayunan ng doktor. Pag usapan ang mga kahirapan kung mayroon man sa inyong doktor o parmasyutiko.
- Kailangang gamitin ang kahaliling inhaler (gamit upang mapaginhawa ang malubhang hika) kasunod ng pang iwas na inhaler (gamit bilang prophylactic measure) kung kailangang gamitin pareho.
- Dapat na laging dala ang short-acting na pampaginhawang inhaler sa lahat ng oras para sa malubhang atake ng hika. Kung kinakailangan ito ng mas madalas kaysa dati, dapat na makipagkita sa inyong doktor.
- Ang mga pasyenteng may malubhang hika ay hindi dapat uminom ng aspirin at anti-inflammatory painkillers ng hindi kumokonsulta sa doktor.

- Hugasan ang mga inhalers ng maligamgam na tubig at hayaang matuyo kapag barado ang noozle.
- Banlawan ang bibig pagkatapos gumamit ng corticosteroid inhalers.
- Uminom ng gamot bago matulog upang maiwasan ang pag atake ng hika habang natutulog.

Pakikipag usap sa inyong Doktor

- Humanap ng payong medikal para sa pinaka mabisang lunas. Magbibigay ang inyong doktor ng pinaka tamang gamot para sa inyo matapos ikonsidera ang inyong kondisyon at ang inyong tugon sa gamot.
- Maaari kang bigyan ng mahigit sa isang gamot sa paglunas sa hika, siguruhin na alam ninyo ang layunin at paggamit ng bawat preparasyon at kumonsulta sa inyong doktor kung may pag aalinlangan.
- Ipaalam sa inyong doktor ang inyong iniinom na gamot, at anumang sakit na inyong nararamdaman dahil maaaring itong magbigay ng natatanging pag iingat sa paggamit ng gamot kontra sa hika
- Humanap ng agarang medikal na payo kung makakaranas ng anumang sintomas o epekto na pinaghihinalaang may kaugnayan sa gamot kontra sa hika. Maaaring pagaralang muli ng doktor ang iyong gamot.
- Magkaroon ng regular na medikal na follow up bilang payo ng inyong doktor kung kailangang gumamit ng gamot kontra sa hika sa pangmatagalan paraan.

Pag-iimbak ng Gamot kontra sa Hika

Ang gamot kontra sa hika ay dapat na itago sa malamig at tuyong lugar. Maliban kung nasasaad sa label, ang gamot ay hindi dapat itago sa refrigerators. Gayundin, ang gamot ay kinakailangang itago ng maayos sa lugar na hindi maaaring maabot ng bata upang maiwasan ang aksidenteng pagkalulon.

Pagkilala: Ang Tanggapan ng Droga ay gustong pasalamatan ang Propesyonal na Kaunlaran at Katiyakan sa Kalidad (PD&QA) para sa kanilang mahalagang kontribusyon sa paghahanda ng artikulong ito.

Tanggapan ng Droga
Kagawaran ng Kalusugan
Enero 2021